Pagtulong sa iyong makaboto sa halalang ito

- Ang mga kandidato ay nakalista sa dokumentong pamboto sa ilalim ng kanilang tinatakbuhang halalan.
- Nilagyan namin ng colour code ang dokumentong pamboto at ang profile book na ito upang matulungan kang ipares ang mga halalan at profile ng mga kandidato.
- Ang buklet na ito ay maaaring naglalaman ng halalang hindi para sa iyo.

Ang mga nagwaging kandidato ang gagawa ng mga desisyong makakaapekto sa atin araw-araw. Makikita mo ang lahat o ilang mga posisyong ito sa iyong dokumentong pamboto:

- **Ang Alkalde** and lider ng Pang-syudad o Pandistritong Konseho.
- **Ang Pang-syudad o Pandistritong Konseho** y nagbibigay sa mga komunidad ng malawakang mga serbisyong lokal at pasilidad. Ang mga konseho ang gumagawa ng mga desisyon upang mapabuti ang kapakanan ng komunidad, kabilang ang mga pangunahing imprastraktura (hal. supply ng tubig, imburnal, mga kalsada) lokal na regulasyon, pasilidad sa paglilibang, parke, mga isyu sa pagpaplano at pagpapatayo ng gusali. Maaring mahalal ang konseho “ng minsanan” o hahatiin sa mga lupon (kabilang ang pangkalahatan o Māori).
- **Ang Panrehiyong Konseho** ay gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga tungkuling pinakamahusay na ibinibigay sa panrehiyong antas tulad ng pamamahala ng likas na yaman (hal. kalidad ng tubig, paglalaan ng tubig, lupain at lupa, pagpaplano ng baybayin, pagkontrol ng halaman at peste), rehiyonal na transportasyon, at pagtatanggol sibil at pangangasiwa ng emerhensiya. Ang mga Unitary Authority ay nagsasagawa ng mga tungkulin ng Panrehiyong Konseho. Ang panrehiyong konseho ay nahahati sa mga constituency (na maaaring pangkalahatan o Māori).
- **Ang Lupon ng Komunidad** ay nagbibigay ng pamumuno upang mabigyang kapangyarihan ang mga lokal na komunidad at maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga lokal na isyu o magrekomenda kung paano gumastos ng pera ang Konseho sa mga lokal na serbisyo. Ang mga Lupon ng Komunidad ay maaaring mahati bilang mga subdibisyon.
- Umiiral ang **Licensing Trust** upang responsableng maibenta ang mga alak sa mga pinagkakatiwalaang lugar at magdesisyon kung paano maibalik ang mga sobrang kita sa komunidad. Ang Komunidad at iba pang mga Trust ay sumusuporta sa mga kawanggawa. Ang mga Licensing Trust ay nahahati bilang mga ward.
- **Ang Poll o Referendum** ay maaari ring nasa iyong dokumentong pamboto. Ang iyong boto dito ay tumutulong sa Konsehong gumawa ng mga desisyon tungkol sa isyung tinatalakay.

Ipadala sa Pamamagitan ng Koreo

Ipadala sa Pamamagitan ng Koreo
ang iyong indibidwal na dokumentong pamboto sa sobre ng freepost ng hindi lalagpas sa **Martes, 4 Oktubre 2022**

O DI KAYA’Y
dalhin ito sa address na makikita sa dokumentong pamboto para makarating ito sa Electoral Officer **bago magsarado ang botohan**

Magsasarado ang botohan
Alas 12 ng Tanghali, Sabado, 8 Oktubre 2022

Kailangan mo pa ba ng karagdagang tulong? Maari kang humingi sa ibang tao na tulungan kang markahan ang dokumento kung hindi ka masyadong makakita o makabasa o makapagsulat o may kahirapan sa Ingles. Kung hindi ka sigurado sa iyong gagawin, o may maling ginawa na hindi mo malinaw na maiwawasto, kontakin ang electoral officer sa numerong makikita sa iyong dokumentong pamboto.